Bay Area Air Quality Management District

# NEWS RELEASE

baaqmd.gov

**PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG:** Pebrero 13, 2024
**MAKIPAG-UGNAYAN SA:** communications@baaqmd.gov

## Ang Distrito ng Hangin ay nakakuha ng pabor na pasya: Mga refinery ng Chevron at MRC, iniatras na ang mga isinampa nilang kaso: Chevron, babayaran ang pinakamalaking multa para sa paglabag sa kasaysayan ng ahensya

***Mga makasaysayang multa at pondo sa komunidad, magpapasimula ng bagong kabanata para sa ahensya***

**SAN FRANCISCO –** Inanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ngayong araw na nagkaroon ito ng dalawang magkahiwalay na kasunduan sa Chevron at Martinez Refining Company na nagresulta sa pagwawakas ng litigasyon laban sa ahensya kaugnay ng malalaking pagbabawas sa mga emisyon mula sa parehong refinery sa ilalim ng Regulasyon 6, Panuntunan 5, mga makasaysayang multa, at iba pang bayad na hanggang $138 milyon, at Pondo para sa Kalidad ng Hangin sa Komunidad ng Richmond, na bukod pa sa ibang benepisyo. Sa pagtataya ng Distrito ng Hangin, ang mga maibabawas sa emisyon alinsunod sa panuntunan ay magreresulta sa milyun-milyong dolyar kada taon sa mga benepisyo sa kalusugan sa pamamagitan ng pag-iwas sa maagang pagkamatay at iba pang epekto sa kalusugan ng pagkakalantad sa particulate matter.

Nauugnay ang parehong kasunduan sa pagpapatupad ng Distrito ng Hangin sa Panuntunan 6-5, ang panuntunang pinakanakakaprotekta sa kalusugan sa bansa. Babawasan ng panuntunan ang mga emisyon ng particulate matter sa hangin, o PM, mula sa mga fluidized catalytic cracking unit o FCCU .sa mga refinery ng petrolyo. Ang mga FCCU ay mga device na ginagamit sa pag-manufacture ng gasolina at ang pinakamalalaking pinagkukunan ng PM sa mga nasabing refinery. Bilang resulta ng pagsunod ng Chevron at MRC sa Panuntunan 6-5, tinatayang 70 porsyento ang maibabawas sa emisyon ng PM mula sa FCCU ng Chevryon, at 80 porsyento mula sa FCCU ng MRC.

“Ang mga makasaysayang multa at matagumpay na depensa sa ating Panuntunan 6-5 na sumasagip ng buhay ay isang tagumpay para sa kalidad ng hangin sa Bay, lalo na para sa mga nakatira sa komunidad ng Richmond at Martinez,” sabi ni Davina Hurt, ang chair ng Lupon ng Mga Direktor ng Distrito ng Hangin. “Sa pagtatatag sa Pondo para sa Kalidad ng Hangin sa Komunidad sa Richmond, mabibigyang-diin ang dedikasyon nating tugunan ang mga partikular na alalahanin sa kalidad ng hangin ng mga pinakaapektadong komunidad, mapapabuti ang pampublikong kalusugan, at maisusulong ang katarungan sa kapaligiran.”

“Ang mga kasunduan ng Distrito ng Hangin sa Chevron at MRC ay isang malaking bagay sa pangako nating ipatupad ang mga regulasyon sa kalidad ng hangin at maiwasan ang mga paglabag sa Bay Area sa hinaharap, lalo na sa mga komunidad na lubos nang apektado ng polusyon sa hangin,” sabi ni Dr. Philip Fine, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Sa mga multang ngayong pa lang maipapataw sa kasaysayan at pangako ng mga refinery na sumunod sa ating Panuntunan 6-5 na nakakaprotekta sa kalusugan, tiyak na magiging mas malinis at maganda ang kinabukasan ng lahat ng residente ng Bay Area.”

“Ang pagtatanggol sa ating regulasyong nakakaprotekta sa kalusugan para lubos na mabawasan ang particulate matter mula sa mga refinery at ang pagpapataw ng malalaking multa ay tumutulong sa aming pagandahin ang kalidad ng hangin para sa lahat ng residente,” sabi ni Supervisor John Gioia ng County ng Contra Costa, na kumakatawan sa Richmond at isa ring miyembro ng Lupon ng Mga Direktor ng Distrito ng

Hangin. "Naniniwala akong may karapatan ang lahat, saanman sila nakatira, na lumanghap ng malinis na hangin."

"Ang pagprotekta sa ating mga komunidad mula sa particulate matter 50 yarda sa kalye mula sa mga pinagkukunan ay kasinghalaga ng pagprotekta sa mga komunidad na ito sa loob ng 50 taon mula sa pagbabago ng klima," sabi ni Mark Ross, ang Bise Alkalde ng Martinez at isang miyembro ng Lupon ng Mga Direktor ng Distrito ng Hangin. "Kasabay ng kasunduang ito at ng pagpapatuloy ng Panuntunan 6-5, at ng makasaysayang pagbabawas sa taunang emisyon ng PM, ipinapakita rin ng Distrito ng Hangin ang mahigpit na pagpapatupad sa mga episodic na insidente at paglabag. Nararapat lang na maprotektahan ang kalusugan ng mga residente ng Bay Area sa ngayon at sa hinaharap."

**Mga Highlight ng Kasunduan sa Chevron:**

- Iniatras ng Chevron ang kaso nito at sumang-ayon itong bawasan ang mga emisyon ng PM alinsunod sa panuntunan.
- Magbabayad ang Chevron ng multa para sa anumang pagkaantala sa pagsunod pagkalipas ng deadline sa pagsunod ng regulasyon na Hulyo 2026. Nangako ang Chevron na susundin nito ang mga limitasyon sa polusyon ng Panuntunan 6-5, at madaragdagan ang multa para sa hindi pagsunod:
    - $17M para sa taon 1
    - $17M para sa taon 2
    - $17M para sa taon 3
    - $32M para sa taon 4
- Magpapatupad ang Chevron ng mga pansamantalang pagbabawas sa emisyon ng PM sa FCCU para maagang mabawasan ang mga emisyon bago pa ang deadline sa pagsunod ng regulasyon.
- Magbabayad ang Chevron sa Pondo para sa Kalidad ng Hangin sa Komunidad, na magsisimula sa $20 milyon at madaragdagan ng $3.5 milyon taun-taon sa panahong kinakailangan para makagawa ang Chevron ng mga kontrol sa polusyon ng hangin. Ilalaan ang pondo sa mga proyektong nakatuon sa pagbabawas sa pagkakalantad sa PM sa komunidad na apektado ng refinery.
- Magbabayad ang Chevron ng $20 milyong multa para sa 678 iba pang paglabag sa refinery na hindi nauugnay sa Panuntunan 6-5, at magsasagawa ito ng serye ng mga hakbang na idinisenyo para mabawasan ang pabalik-balik na flaring.
- Babayaran ng Chevron ang kalahati ng mga bayarin sa abugado ng Distrito ng Hangin, na hanggang $500,000.

**Mga Highlight ng Kasunduan sa MRC:**

- Iniatras ng MRC ang kaso nito at sumang-ayon itong ganap na sumunod sa regulasyon.
- Ipapakita ng MRC ang pagsunod nito sa regulasyon sa pamamagitan ng paggamit ng sistema para sa tuluy-tuloy na pagsubaybay, sa halip na periodic quarterly stack testing.
- Babayaran ng MRC ang kalahati ng mga bayarin sa abugado ng Distrito ng Hangin, na hanggang $500,000.

Sa landmark na Panuntunan 6-5 ng Distrito ng hangin, ang pinakamahigpit na ganitong uri ng panuntunan sa bansa, mababawasan ang mga emisyon ng particulate matter mula sa mga operasyon ng refinery ng petrolyo. Ibinabalangkas ng makabagong panuntunang ito ang mga partikular na pag-aatas para mabawasan, masubaybayan, at maiulat ang mga emisyon ng iba't ibang pollutant kasama ang mga sulfur compound at particulate matter mula sa mga operasyon ng refinery.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa siyam na county ng Bay Area. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng X/Twitter, Facebook, Instagram, at YouTube.

# # #

*Air District Communications Office*
*375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105*
*Homepage ng Distrito ng Hangin* | *Mga Pahayag sa Media*